ARALIN 32

1. Pagkatapos lipulin ng Diyos si Faraon at ang kanyang hukbo sa Dagat na Pula, saan dinala ng Diyos ang mga Israelita?
-Sa disyerto.

2. Ano ang disyerto?
-Ang disyerto ay isang lupain kung saan ay puro buhangin lamang.

3. Habang pinangungunahan ng Diyos ang mga Israelita sa disyerto, ano ang ginawa ng mga Israelita?
-Pinuna ng mga Israelita sina Moises at Aaron.

4. Bakit pinuna ng mga Israelita sina Moises at Aaron?
-Dahil wala silang pagkain.

5. Bakit walang pagkain ang mga Israelita?
-Dahil walang pagkain sa disyerto.

6. Nakahanap ba si Moises ng pagkain para sa mga Israelita sa disyerto?
-Hindi.

7. Nakahanap ba ang mga Israelita ng pagkain para sa kanilang sarili sa disyerto?
-Hindi.

8. Sino ang tanging nag-i-Isa na nakapagbigay ng pagkain sa mga Israelita sa disyerto?
-Ang Diyos

9. Bakit tinutulungan ng Diyos ang mga tao kahit hindi sila



naniniwala sa Kanya?
-Dahil nilikha ng Diyos ang lahat ng tao.
-Dahil mahal ng Diyos ang lahat ng tao.
-Dahil nais ng Diyos na iligtas ang lahat ng tao.
-Dahil gusto ng Diyos na ang lahat ng tao ay maniwala sa Kanya.

10. Kung hindi tayo naniniwala sa Diyos, ililigtas ba tayo ng Diyos?
-Hindi.

11. Ano ang karne na ibinigay ng Diyos sa mga Israelita noong gabing iyon sa disyerto?
-Karne ng pugo.

12. Ano ang tawag ng mga Israelita sa tinapay na ibinaba ng Diyos mula sa langit tuwing umaga?
-Manna.

13. Ano ang sinabi ng Diyos kay Moises na gawin upang makakuha ng tubig?
-Inutusan ng Diyos si Moises na hampasin ang isang bato gamit ang kanyang tungkod.

14. Sino lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at ni Satanas?
-Tanging ang Diyos.

15. Iniligtas ba ng Diyos ang mga Israelita ayon sa paraan ng kanilang pagpapasya?
-Hindi.

16. Paano iniligtas ng Diyos ang mga Israelita?
-Ayon sa kapaparaanan na ipinasiya ng Diyos.

17. Paano ililigtas ng Diyos ang lahat ng tao?
-Ayon sa kaparaanan ng pagpapasya ng Diyos.

-Nasaan si Moises at ang mga Israelita?

-Sila ay nasa disyerto.

-Patuloy na pinamunuan ng Diyos ang mga Israelita sa disyerto.

Basahin natin ang Exodo 19:1

1-Sa ikatlong bagong buwan, pagkatapos na ang mga anak ni Israel ay makaalis sa lupain ng Ehipto, dumating sila nang araw ding iyon sa ilang ng Sinai.

-Sino ang nagpasya kung saan dadalhin ang mga Israelita?
-Ang Diyos.

-Bakit nagpasiya ang Diyos kung saan dadalhin ang mga Israelita?

-Dahil ang Diyos lamang ang tanging nakakaalam ng pinakamabuting paraan kung saan pupunta.

-Tulad ng alam ng Diyos ang pinakamabuting paraan kung saan pupunta ang mga Israelita, alam din ng Diyos ang pinakamabuting paraan kung saan pupunta ang lahat ng tao.

-Sumunod, saan dinala ng Diyos ang mga Israelita?



Basahin natin ang Exodo 19:2

2-Nang sila'y umalis sa Refidim at dumating sa ilang ng Sinai, humimpil sila sa ilang; At doo'y nagkampo ang Israel sa harap ng bundok.

-Pinamunuan ng Diyos ang mga Israelita sa Bundok Sinai.

-Naaalala mo ba ang Bundok Sinai?

-Ang Bundok Sinai ay ang bundok kung saan nakipag-usap ang Diyos kay Moises mula sa nagniningas na punong hindi natutupok.

-Ano ang ipinangako ng Diyos kay Moises nang kausapin Niya si Moises mula sa nagniningas na punong hindi natutupok?

-Nangako ang Diyos na ibabalik Niya si Moises sa Bundok Sinai.

-Tinupad ba ng Diyos ang Kanyang pangako na ibabalik si Moises sa Bundok Sinai?

-Oo.

-Kahit na gustong patayin ni Faraon si Moises, pinrotektahan ng Diyos si Moses, at ibinalik siya sa Bundok Sinai.

-Maaari nating paniwalaan ang lahat ng mga pangako ng Diyos dahil palaging tumutupad ang Diyos sa lahat ng Kanyang mga pangako.

-Nang dumating si Moises at ang mga Israelita sa Bundok Sinai, tinawag ng Diyos si Moises sa bundok.

-Bakit tinawag ng Diyos si Moises sa bundok?

-Nais ng Diyos na kausapin si Moises.

Basahin natin ang Exodo 19:3-5a

3-Si Moises ay umakyat tungo sa Diyos, at tinawag siya ng Panginoon mula sa bundok, na sinasabi, "Ganito ang sasabihin mo sa sambahayan ni Jacob, at sasabihin mo sa mga anak ni Israel:
4-Inyong nakita ang aking ginawa sa mga Ehipcio, at kung paanong dinala ko kayo sa mga pakpak ng agila, at kayo'y inilapit ko sa akin.
5-Kaya't ngayon, kung tunay na inyong susundin ang aking tinig at tutuparin ang aking tipan, kayo ay magiging aking sariling pag-aari na higit sa lahat ng bayan."

-Ano ang sinabi ng Diyos kay Moises sa tuktok ng bundok?

-Nais ng Diyos na magkaroon ng kasunduan sa mga Israelita.

-Ano ang kasunduan na gustong gawin ng Diyos sa mga Israelita?

-Sinabi ng Diyos na kung susundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, pagpapalain Niya sila.

-Kung hindi sinunod ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, ano ang gagawin ng Diyos?

-Parurusahan sila ng Diyos.

-Bumaba si Moises sa bundok upang sabihin sa mga Israelita kung ano ang sinabi ng Diyos.



-Ano ang sinabi ng mga Israelita sa Diyos?

Basahin natin ang Exodo 19:7-8

7-Kaya't dumating si Moises at ipinatawag ang matatanda sa bayan at ipinahayag sa harap nila ang lahat ng salitang ito na iniutos ng Panginoon sa kanya.
8-Ang buong bayan ay nagkaisang sumagot at nagsabi, "Ang lahat ng sinabi ng Panginoon ay aming gagawin." At iniulat ni Moises ang mga salita ng bayan sa Panginoon.

-Sinabi ng mga Israelita sa Diyos na susundin nila ang lahat ng Kanyang mga utos.

-Naalala ba ng mga Israelita sa lahat ng panahon na sinuway nila ang Diyos sa nakaraan?

-Hindi.

-Nakalimutan ng mga Israelita na hindi sila naniwalang kaya silang iligtas ng Diyos sa Dagat na Pula nang hinahabol sila ni Faraon at ng kanyang hukbo.

-Nakalimutan ng mga Israelita na hindi sila naniwalang kaya silang bigyan ng Diyos ng pagkain at tubig sa disyerto.

-Naisip ba ng mga Israelita na kaya nilang sundin ang lahat ng utos ng Diyos?
-Oo.

-Bakit inisip ng mga Israelita na kaya nilang sundin ang lahat ng utos ng Diyos?

-Dahil sila ay mapagmataas at palalo.

-Nasunod ba ng mga Israelita ang lahat ng utos ng Diyos?
-Hindi.

-Bakit hindi nagawang sundin ng mga Israelita ang lahat ng utos ng Diyos?

-Dahil ipinanganak silang mga anak nina Adan at Eba.
-Dahil ipinanganak silang mga alipin ng kasalanan.
-Dahil ipinanganak silang mga alipin ni Satanas.

-Lahat ng tao ay ipinanganak na mga anak nina Adan at Eba.
-Lahat ng tao ay ipinanganak na mga alipin ng kasalanan.
-Lahat ng tao ay ipinanganak na mga alipin ni Satanas.

-Alam ba ng Diyos na hindi magagawang sundin ng mga Israelita ang lahat Kanyang mga utos?
-Oo.

-Kung alam ng Diyos na hindi kayang sundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, bakit gusto ng Diyos na makipagsundo sa mga Israelita?

-Makikipagkasunduan ka ba sa isang tao kung alam mo na hindi niya kayang tuparin ang kasunduan?

-Hindi.

-Kung alam ng Diyos na hindi kayang sundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, bakit gusto ng Diyos na makipagsundo sa mga Israelita?



-Nais ng Diyos na makipagkasundo sa mga Israelita dahil gusto Niyang turuan ang mga Israelita.

-Ano ang gustong ituro ng Diyos sa mga Israelita?

-Nais ng Diyos na ituro sa mga Israelita na hindi nila kailanman magagawang sundin ang lahat ng Kanyang mga utos.

-Kahit na ang mga Israelita ay magsikap nang husto, hindi nila magagawang sundin ang lahat ng utos ng Diyos.

-Nais ng Diyos na ituro sa mga Israelita na hindi nila kailanman magagawang sundin ang lahat ng Kanyang mga utos dahil ipinanganak sila sa kasalanan.

-Nais ng Diyos na ituro sa mga Israelita na dahil hindi nila kailanman nagawang sundin ang lahat ng Kanyang mga utos, ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanila mula sa kamatayan.

-Dahil nagkasala sina Adan at Eba, lahat ng kanilang mga anak ay ipinanganak sa kasalanan.

-Dahil nagkasala sina Adan at Eba, lahat ng kanilang mga anak ay ipinanganak na may kasalanan sa kanilang mga puso.

-Dahil nakinig sina Adan at Eba kay Satanas, lahat ng kanilang mga anak ay naging mga anak ng kasalanan, kamatayan, at ni Satanas.

-Dahil nakinig sina Adan at Eba kay Satanas, lahat ng kanilang mga anak ay naging mga alipin ng kasalanan, kamatayan, at ni Satanas.

-Nais ng Diyos na ipakita sa mga Israelita ang kanilang kasalanan.

-Nais ng Diyos na ipakita sa mga Israelita ang kanilang kasamaan.

-Nais ng Diyos na ipakita sa mga Israelita na sila ay mga alipin ng kasalanan.

-Nais ng Diyos na ipakita sa mga Israelita na sila ay mga alipin ng kasamaan.

-Nais ng Diyos na ipakita sa mga Israelita na sila ay mga alipin ni Satanas.

-Nais ipakita ng Diyos sa mga Israelita na kung hindi sila iiyak sa Diyos upang iligtas sila, kung gayon ang kanilang kasalanan ay sisira sa kanila.

-Nais ipakita ng Diyos sa mga Israelita na kung hindi sila iiyak sa Diyos upang iligtas sila, sa gayon ay pupuksain sila ni Satanas.

-Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kasalanan.

-Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kamatayan.

-Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ni Satanas.

-Narito ang kasunduan na ginawa ng Diyos sa mga Israelita:

-Kung ang mga Israelita ay susunod sa lahat ng Kanyang mga utos, ay pagpapalain silang ng Diyos.



-Kung hindi susunod ang mga Israelita sa lahat ng Kanyang mga utos, parurusahan sila ng Diyos.

-Matapos sabihin ni Moises sa Diyos na susundin ng mga Israelita ang lahat ng utos ng Diyos, ano ang sinabi ng Diyos?

Basahin natin ang Exodo 19:9a & 10-11

9-Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Ako'y darating sa iyo sa isang makapal na ulap, upang marinig ng bayan kapag ako'y nakikipag-usap sa iyo, at paniwalaan ka rin nila magpakailanman."
10-Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Pumaroon ka sa bayan at italaga mo sila ngayon at bukas, at labhan nila ang kanilang mga kasuotan,
11-At humanda sa ikatlong araw, sapagkat sa ikatlong araw ay bababa ang Panginoon sa paningin ng buong bayan sa ibabaw ng bundok ng Sinai."

-Sinabi ng Diyos kay Moises na Siya ay bababa sa Bundok Sinai, at ang mga Israelita ay dapat na maghanda ng kanilang sarili.

-Bakit bababa ang Diyos sa Bundok Sinai?

-Nais ipakita ng Diyos sa mga Israelita na Siya ay banal.

-Nais ipakita ng Diyos sa mga Israelita na kinamumuhian Niya ang lahat ng kasalanan.

-Nais ipakita ng Diyos sa mga Israelita na Kanyang pinarurusahan ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.

-Sinabi din ng Diyos kay Moises na maglagay ng hangganan sa palibot ng Bundok Sinai.

Basahin natin ang Exodo 19:12-13

12-"Lalagyan mo ng mga hangganan ang bayan sa palibot, at iyong sasabihin, 'Mag-ingat kayo, kayo'y huwag umakyat sa bundok, o humipo sa hangganan; Sinumang humipo sa bundok ay papatayin.

13-Walang kamay na hihipo sa kanya, kundi siya'y babatuhin o papanain; maging hayop o tao ay hindi mabubuhay!' Kapag ang tambuli ay tumunog nang mahaba, aakyat sila sa bundok."

-Bakit gusto ng Diyos na maglagay si Moises ng hangganan sa palibot ng Bundok Sinai?

-Dahil ayaw ng Diyos na may humipo sa Bundok Sinai.

-Bakit ayaw ng Diyos na hawakan ng sinuman ang Bundok Sinai?

-Dahil ang Diyos ay bababa sa Bundok Sinai.

-Ano ang mangyayari kung ang mga Israelita ay hihipo sa Bundok Sinai?

-Mamamatay sila.

-Bakit mamamatay ang mga Israelita kung hinawakan nila ang Bundok Sinai?

-Dahil ang Diyos ay bumababa sa bundok.



-Dahil ang Diyos ay banal.

-Dahil kinamumuhian ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

-Dahil pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan.

-Sa umaga ng ikatlong araw, bumaba ang Diyos sa Bundok Sinai.

Basahin natin ang Exodo 19:16-18

16-Sa umaga ng ikatlong araw, kumulog at kumidlat, at may isang makapal na ulap sa ibabaw ng bundok, at ang tunog ng trumpeta ay napakalakas; at ang buong bayan na nasa kampo ay nanginig.

17-Inilabas ni Moises ang bayan sa kampo upang katagpuin ang Diyos; At sila'y tumayo sa paanan ng bundok.

18-Ang buong bundok ng Sinai ay nabalot sa usok, sapagkat ang Panginoon ay bumaba sa ibabaw niyon na nasa apoy; At ang usok niyon ay pumailanglang na parang usok ng isang hurno, at nayanig nang malakas ang buong bundok.

-Bumaba ang Diyos sa Bundok Sinai.

-Niyanig ng kulog ang kalangitang malapit sa bundok.

-Napuno ng kidlat ang kalangitan sa paligid ng bundok.
-Natakpan ng makapal na usok ang bundok.

-Isang napakalakas na tunog ng trumpeta ang tumunog.

-Nayanig ang buong bundok.

-At bumaba ang Diyos sa bundok sa pamamagitan ng apoy.

-Natakot ba ang mga Israelita?
-Labis silang natakot.

-Ano ang mga simbolo ng kulog, kidlat, usok, at apoy?

-Na ang Diyos ay banal.

-Na kinasusuklaman ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

-Na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan.

-Noong panahon ni Noe, pinarusahan ng Diyos ang mga kasalanan ng mga tao sa pamamagitan ng kamatayan.

-Noong panahon ng Sodoma at Gomorra, pinarusahan ng Diyos ang kasalanan ng mga tao sa pamamagitan ng kamatayan.

-Noong panahon ni Faraon, pinarusahan ng Diyos ang kasalanan ng mga mga tao sa pamamagitan ng kamatayan.

-Pinaparusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan.

-Bumaba ang Diyos sa Bundok Sinai, at tinawag si Moises umakyat sa bundok.

Basahin natin ang Exodo 19:20-25



20-Ang Panginoon ay bumaba sa ibabaw ng bundok ng Sinai, sa taluktok ng bundok; At tinawag ng Panginoon si Moises sa taluktok ng bundok; At si Moises ay umakyat.
21-Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Bumaba ka, balaan mo ang bayan, baka sila'y lumampas upang panoorin ang Panginoon, at mamatay ang marami sa kanila.
22-Gayundin ang mga pari na lumalapit sa Panginoon ay pabanalin mo, baka ang Panginoon ay hindi makapagpigil sa kanila."
23-Sinabi ni Moises sa Panginoon, "Ang bayan ay hindi makakaakyat sa bundok ng Sinai, sapagkat ikaw mismo ang nagbilin sa amin na iyong sinasabi, 'Lagyan mo ng hangganan sa palibot ang bundok, at iyong ariing banal ito.'"
24-Sinabi ng Panginoon sa kanya, "Bumaba ka, at ikaw ay umakyat kasama si Aaron, ngunit ang mga pari at ang taong-bayan ay huwag mong palampasin sa mga hangganan upang umakyat sa Panginoon, baka siya ay hindi makapagpigil sa kanila."
25-Sa gayo'y bumaba si Moises sa taong-bayan at sinabi sa kanila.

-Sinabi ng Diyos kay Moises na ang mga Israelita ay mamamatay kapag sila ay humipo sa bundok.

-Bakit pinahintulutan ng Diyos si Moises na umakyat sa bundok?

-Hindi ba si Moises ay anak din nina Adan at Eba?
-Oo.

-Hindi ba't si Moises ay ipinanganak din sa kasalanan?
-Oo.

-Bakit pinahintulutan ng Diyos si Moises na umakyat sa bundok?

-Dahil si Moses ay naniwala sa Diyos.

-Dahil lumapit si Moises sa Diyos sa paraan ng Diyos.

-Dahil lumapit si Moises sa Diyos sa paraang ipinakita ng Diyos.

-Pinili ng Diyos si Moises upang maging Kanyang mensahero.

-Pinili ng Diyos si Moises upang ibigay ang Kanyang mensahe sa mga Israelita.

-Kung ang mga Israelita ay tatangging makinig kay Moises, kung gayon sila din ay tumatangging makinig sa Diyos.

-Ang Aklat ng Diyos, ang Bibliya, ay mensahe ng Diyos sa lahat ng tao.

-Kung tatanggi tayong makinig sa mensahe ng Diyos sa Kanyang Bibliya, gayon din ay tumatangi tayong makinig sa Kanya.

-Kung tatanggi tayong makinig sa Diyos, parurusahan tayo ng Diyos magpakailanman.

-Sa susunod na aralin, malalaman natin ang mga utos na ibinigay ng Diyos sa mga Israelita at sa lahat ng tao.